


# Gaano ba nakakahawa ang tigdas?



Nakatira si Joe sa Seattle. Kamakailan lamang ay bumiyahе siya sa ibang bansa kung saan siya ay nahantad sa tigdas.



Pupunta ako sa klinika. Masama ang aking pakiramdam.

Nilalagnat si Joe at masama ang pakiramdam. Hindi niya alam na siya ay may tigdas.



Wala pang pantal si Joe pero siya ay lubhang nakakahawa na. Naglalabas siya ng bayrus sa hangin kapag siya ay humihinga, nagsasalita, umuubo o bumahin.



Titingnan ka na ng doktor ngayon. Paumanhin po sa matagal na paghihintay.



Ang bayrus ay namamalagi sa hangin, kahit na umalis si Joe. Maaari itong manatili sa hangin nang HANGGANG 2 ORAS. Maaaring malanghap ito ng sinumang dumaan sa silidhintayan.



Ano ang mangyayari kung wala sa mga taong ito ang mayroong bakuna sa MMR at walang sinuman sa kanila ang nagkaroon ng tigdas?

**Hanggang 9 sa 10 ay magkakaroon ng tigdas.**



Subalit kung lahat sila ay nabakunahan?

**Malamang WALANG magkakaroon ng tigdas.**

Ang bakuna laban sa tigdas (MMR) ay nagbibigay ng napakalakas na proteksyon. **Ang 2 dosis ay humigit-kumulang 97% na epektibo sa pagpigil sa impeksiyon.**

Hindi mo kailangan ng mga karagdagang booster--ang proteksyon mula sa mga dosis na iyon ay tumatagal nang panghabambuhay!

[kingcounty.gov/measles](http://kingcounty.gov/measles)

